




Republic of the Philippines
HOUSE OF REPRESENTATIVES
Quezon City, Metro Manila

Twentieth Congress
First Regular Session



HOUSE BILL NO. 1013

Introduced by **MAGBUBUKID PARTY-LIST Representative FERDINAND "B1" L. BELTRAN**

EXPLANATORY NOTE

Ang mga magbubukid at mangingisda ay ang gulugod ng ating lipunan pagdating sa produksyon ng pagkain at pangkabuhayang panrehiyon. Gayunpaman, madalas ay hindi nabibigyan ng sapat na pagkilala ang kanilang mahalagang papel sa pag-unlad ng bansa. Sa kabila ng kanilang sakripisyo at kontribusyon, marami sa kanila ang patuloy na nabubuhay sa kahirapan at walang katiyakan sa kita, lupang sinasaka, at suporta mula sa pamahalaan.

Ayon sa Saligang Batas ng 1987, tungkulin ng Estado na bigyang-prioridad ang kaunlaran ng agrikultura at pangisdaan, at itaguyod ang kapakanan ng mga Pilipinong nasa sektor na ito. Sa layuning ito, ang panukalang batas ay naglalayong ideklara ang buwan ng Mayo bilang "Buwan ng mga Magbubukid at Mangingisda" at ang ika-labinlima (15) ng Mayo bilang "Pambansang Araw ng mga Magbubukid" na isang special working holiday.


Ang taunang pagdiriwang na ito ay magsisilbing pagkilala at pagpupugay sa mga magbubukid at mangingisdang nagsisilbing tagapagtustos ng pagkain sa bawat hapag-kainan. Hinihikayat ng panukala ang mga paaralan, lokal na pamahalaan, at mga kaukulang ahensya ng pamahalaan na magsagawa ng mga makabuluhang aktibidad at edukasyonal na kampanya upang palalimin ang kaalaman ng mamamayan hinggil sa kanilang ambag sa kaunlaran ng bansa.

Bukod sa pagbibigay-pugay, layunin ng panukalang batas na ito na pukawin ang suporta ng publiko at pamahalaan para sa mas malalim na pagtutok sa sektor ng agrikultura at pangisdaan, kabilang na ang pagbibigay ng mas maraming oportunidad para sa kita, kaalaman, at partisipasyon sa paggawa ng mga patakarang may direktang epekto sa kanilang kabuhayan.

Sa kabuuan, ang panukalang batas na ito ay isang simpleng hakbang ngunit may malalim na saysay sa pagbibigay halaga sa mga tunay na bayani ng ating lipunan—ang mga magbubukid at mangingisda. Sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang araw at buwan ng pagdiriwang, isinusulong nito ang isang kultura ng pagpapahalaga, suporta, at pagkakaisa para sa kanilang kapakanan.

Dahil dito, buong suporta at panawagan ang inilalahad para sa agarang pagsasabatas

ng panukalang ito.

Para sa sambayagang Pilipino,

HON. FERDINAND "B1" L. BELTRAN
Kinatawan, MAGBUBUKID Party-List



Republic of the Philippines
HOUSE OF REPRESENTATIVES
Quezon City, Metro Manila

Twentieth Congress
First Regular Session

HOUSE BILL NO. 1013

Introduced by **MAGBUBUKID PARTY-LIST Representative FERDINAND "B1" L. BELTRAN**

AN ACT

DECLARING THE MONTH OF MAY EVERY YEAR AS NATIONAL FARMERS AND FISHERFOLK MONTH, DECLARING MAY 15 EVERY YEAR AS PAMBANSANG ARAW NG MGA MAGBUBUKID OR NATIONAL FARMERS DAY A SPECIAL WORKING HOLIDAY AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR

Be it enacted by the Senate and the House of Representatives of the Philippines in Congress assembled:

1 **SECTION 1. Short Title.** – This Act shall be known as the “*National Farmers and Fisherfolk Month*
2 *Act*”.

3
4 **SEC. 2. Declaration of Policy.** It is the declared policy of the State to accord the
5 highest priority to the development of agriculture and fishery and give farmers and
6 fisherfolk more opportunities to maximize their incomes and increase their contribution to
7 the nations’ wealth. Towards this end, the State shall promote and increase awareness on the
8 significant contribution of farmers and fisherfolk in nation building and their specific role
9 in putting food on our tables.

10 **SEC. 3. Buwan ng Magbubukid at Mangingisda.** November of every year is
11 hereby declared as “*Buwan ng Magbubukid at Mangingisda.*” All schools and relevant
12 government offices shall ensure suitable celebration for the month-long event.

13 **SEC. 4. Araw ng mga Magbubukid.** – The fifteenth day of May every year is hereby
14 declared as a special working holiday to be known as the “*Pambansang Araw ng mga*
15 *Magbubukid*”.

16 **SEC. 5. Implementing Rules and Regulations.** Within ninety (90) days from the
17 effectivity of this Act, the Department of Education, in collaboration with the Departments
18 of Agriculture, Agrarian Reform, Science and Technology, Interior and Local Government,
19 and Commission on Higher Education (CHED) and their attached offices shall formulate the
20 necessary rules and regulations for the proper implementation of this Act.

21 **SEC. 6. Appropriations.** The amount necessary to initially implement the
22 provisions of this Act shall be charged against the appropriations of the concerned
23 departments and agencies for the current year. Thereafter, such sums as may be necessary
24 for its continued implementation shall be included in the appropriations of the concerned
25 departments and agencies in the annual General Appropriations Act (GAA).

1 **SEC. 7. Separability Clause.** If any provision of this Act is declared invalid or
2 unconstitutional, the other provisions not affected by such declaration shall remain in full
3 force and effect.

4
5 **SEC. 8. Repealing Clause.** All laws, executive orders, administrative orders, and
6 rules and regulations inconsistent with this Act are hereby repealed or amended
7 accordingly.

8 **SEC. 9. Effectivity Clause.** This Act shall take effect fifteen days (15) after its
9 publication in the Official Gazette or in a newspaper of general circulation.

10
11
12 Approved,